

Agosto 4, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

Pag-uulat sa Panahon ng Emerhensiya

P-2025-Pagiging Handa sa Emerhensiya-001

Ano ang Dapat Malaman

Ang liham na ito ay para sa mga sentrong pangrehiyon. Pinag-uusapan nito kung bakit mahalagang makipag-usap bago at sa panahon ng mga emerhensiya. Ang pakikipagtulungan sa DDS ay tumutulong sa mga tao na maghanda para sa mga baha, sunog, lindol, pagkawala ng kuryente, at masamang panahon. Kapag nagtutulungan ang mga sentrong pangrehiyon at DDS, matutulungan nila ang mga tao at pamilya at makahanap ng tulong para sa mga nasaktan ng mga sakuna.

Matuto Pa

Ang CalOES ay may mga nakatayong relasyon sa mga kusina ng pagkain at mga nonprofit na donor na organisasyon. Hindi lang ang Red Cross. Ang DDS ay may mga ugnayan sa CalOES, sa Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services), at sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health), at iba pang ahensya ng estado upang tumulong na mangyari ang mga bagay-bagay.